

1

“Nas’an ka na?” untag ng kaibigan ni Angel na si Vince. Halata sa tono nito ang pag-aalala sa kanya.

Pinaikot ng dalaga ang eyeballs. “Hay naku! Huwag na huwag mo akong sisingilin pag lumaki ang cellphone bill mo, ah. Every fifteen minutes yata kung makatawag ka. Sabi na ngang okay lang ako.”

Hindi man siya sanay magbiyahe nang mag-isa at hindi pa man niya narating ni minsan ang *Waves and Rocks Beach Resort* sa San Narciso, Zambales, lamang pa rin ang excitement niya kaysa sa takot. Ang resort na iyon ang nai-suggest ng regular customer turned close friend niya na si Mommy Loi, dahil umano kumpare nito ang may-ari niyon.

She was determined to make this work. Sa dalawampu’t tatlong taon ng buhay niya, bihirang-bihira siyang makapag-out-of-town. Kahit kasi noong buhay pa ang nanay niya, pulos sa trabaho ang palaging pinagtutuunan nito ng atensyon at siya naman ay sa pag-aaral. Third year college siya nang sumakabilang-buhay ang ina kaya mula noon, siya na ang nag-handle ng *Mang Elias’ Balut at Penoy*, ang negosyong pamana pa ng kanyang lolo.

Sa nakalipas na taon, under her management ay nagkaroon ng bagong pangalan ang nabanggit na negosyo, *Eggs-cellent*. Mas

gumanda na ang takbo niyon at sa tulong na rin ni Mommy Loi na isang banker, nakapag-loan siya at dinagdagan niya ng iba pang produkto, kaunting technology, marketing strategy at kasosyalan ang tindahan niya at ng dalawang nakababata niyang kapatid na pareho nang pamilyado. Ngayon, pati mga sosyal na food kiosks sa mall na kalapit nila, sa kanya na rin kumukuha ng mga itlog.

Ngayon pa lang siya magbabakasyon—iyong totoong bakasyon. At kung hindi pa siya kinumbinsi at sinuhulan ng discount ni Mommy Loi, hindi pa niya iyon maiisipan. Sa gaya niya kasing nuknukan ng kuripot, luho lang ang pagta-travel. Pero gaya ng sinabi ng matandang naging kaibigan na niya, dapat i-enjoy niya rin ang bunga ng pagkayod niya sa pagtatrabaho. So iyon, nagpatangay na siya sa suggestion ng mga ito na parang plastic ng basura na inagos ng malakas na baha. Minabuti na rin niyang pagkatiwalaan ang mga kapatid sa pag-ha-handle ng negosyo nila.

On this vacation, she decided she would be adventurous. Susubukan niyang gawin ang mga bagay na hindi pa niya nagagawa. Susubukan niyang lumabas sa kahon na pinaglagyan niya sa sarili.

“Kumusta si Lola?” untag niya sa binata. Nasa bahay nila ito at sinasamahan ang pamilya niya.

“Nandoon sa harap ng TV, kinikilig kina Kim at Gerald,” matabang na tugon nito. “Nalimutan yata ang apo niyang first time na nagbiyaheng mag-isa.”

Napatawa si Angel. “Ikaw lang naman ’tong OA. Sinabi ko na ngang okay lang ako. Sabi n’ung konduktor, ibaba niya raw ako sa sakayan ng tricycle, ’tapos ibibilin niya sa driver n’un na iderecho na ako sa *Waves and Rocks Beach*.”

“Close na kayo ni Manong Konduktor, ganoon?”

“Sinabi mo pa! Nabighani yata ng ganda ko,” natatawang saad niya. Pasalamat na lang siya na tulog ang katabi niyang pasahero kaya hindi nito naririnig ang dialogue niya.

“Loka-loka ka talaga.” Narinig din niya sa wakas ang tuwa sa tono ni Vince. “Basta, i-text mo sa akin ’yung plate number ng tricycle na sasakyan mo, saka ’yung hitsura ng driver—”

“Oo na, alam ko na.” Hindi na niya nabilang kung ilang beses na nitong ibinilin iyon. Ganoon ang tendency ng kaibigan kapag nag-aalala.

“Tapos pagdating mo r’un, tumawag ka agad. Ibinilin ko na kay Mang Miyong na parating ka ngayon kaya siguradong hinihintay ka na rin niya,” anitong parang hindi narinig ang kanyang sinabi.

“Opo, Itay,” nangingiting turan niya.

“Huwag mo ’tong daanin sa biro, Angeline. Alam mong nag-aalala kami rito.” Seryoso na ang kababata, alam niya, kasi buong pangalan na niya ang ipinantukoy sa kanya. Bumuntong-hininga ang lalaki sa kabilang linya. “Kung bakit kasi hindi mo

na lang hinintay na matapos ko 'yung project na hawak ko para may kasama kang nagbakasyon diyan.”

“Kung kasama kita ngayon, hindi ko man lang matututunang magbiyahe nang ganito katagal sakay ng bus. Ano ka ba, Engr. Vicente Magtibay!”

Bumuntong-hininga ito nang malalim. “Mag-iingat ka diyan, Angel.”

“Oo naman. At mag-e-enjoy ako nang sobra! Who knows, baka makahanap ako d'un ng summer fling.”

“July na kaya wala kang mapupulot na *summer fling* d'yan,” he snorted.

“Ay, oo nga, 'no?” Tumawa siya. “Sige, *tag-ulan* fling na lang. Huwag ka nang mag-alala masyado. Hindi na bagay kasi beinte-tres na ako, ano!”

“Hindi mo maiaalis 'yun sa akin. Alam kong hindi lang ito basta adventure para sa 'yo. Nasasaktan ka at—”

“Vince, okay lang ako. Hindi naman ako gan'un katanga para gawin 'yang inaalala mo na 'yan. Hah, suwerte naman n'ung ugok na 'yun para sayangin ko ang buhay ko dahil sa kanya.”

Sa wakas ay nakumbinsi na rin si Vince. Nagpaalam na ito matapos ang paulit-ulit na mga bilin. Kung minsan talaga ay inaatake ito ng pagka-OA sa pagiging overprotective na nadadaig na nito pati ang mga tunay niyang kapatid. Hindi rin

siya magtataka kung sa isang araw lang ay naroon na ang binata sa resort para samahan siya.

Kung ganoon, kailangang samantalahin niya ang pagkakataon na gawin ang mga gusto niyang gawin habang wala pa siyang ‘guwardya’.

Napansin niyang papalapit sa kanya ang mamang konduktor. “Miss, dito na ‘yung sakayan papuntang *Waves and Rocks Beach*,” anunsyo nito. Dinampot nito ang bag niya na nakalagay sa itaas ng kanyang upuan.

She smiled sweetly. “Thank you po.”

Malawak ang ngiti ni Angeline pagkamulat ng mga mata. Ang ganda naman kasi ng silid niya sa resort.

Kung dahil sa masyadong excitement o baka namamahay lang siya, hindi siya sigurado. Pero hindi siya masyadong nakatulog kahit komportable naman sa air-conditioned na kuwarto.

Nang nakaraang gabi, hinatid pa siya ni Mang Miyong sa pinto ng magiging cottage niya for the next two weeks. Ni hindi niya nahulaan na ito pala ang mismong may-ari ng resort dahil sobrang simple at down-to-earth nito.

Bungalow style ang cottage, maganda ang silid, may mesang kainan at katernong mga silya sa porch. Bubong pa lang ay sosyal na.

Pagkapasok sa pinto, double size bed kaagad ang bumungad sa kanya. Pagkababa ng knapsack na bitbit, tinungo niya ang silid.

“Ang taray!” bulalas niya nang makita ang ayos niyon. Muli siyang lumabas matapos iyong inspeksyunin. Mayroon ding maliit na lababo at gas range sa likod ng isang makeshift bar sa isang sulok.

Dahil madilim na noong dumating, hindi niya makita nang maigi ang view sa harap ng cottage, na ayon sa nabasa niya sa website ng resort ay kabundukan.

Minabuti niyang matulog nang maaga nang nakaraang gabi at balak nga niyang maglakad-lakad sa beach ngayon bago pa sumikat ang araw.

Bumangon siya at sumilip sa barandilya saka pinagmasdan ang may kadiliman pa at tahimik na paligid. Dahil kasisimula pa lang ng July, walang gaanong tao sa resort. Ang dalawang pares na nakita niya sa katapat na porch ay pulos nagkukuwentuhan at walang naglalangoy sa pool na kaharap lang nila. Nasa kanan niya ang tabing-dagat at napansin niya ang ilang kalalakihang nag-jo-jogging sa buhanginan.

Napangisi siya sa sobrang excitement.

This was like a dream come true. Kung sana nga puwedeng doon na lang siya tumira. Pero siyempre hanggang pangarap lang iyon. Hindi kakayanin ng savings niya ang medyo may kamahalang renta roon.

Kung hindi pa siya binigyan ng malaking discount ni Mang Miyong, dahil na rin kay Mommy Loi, hindi niya ito itutuloy.

Speaking of her Mommy Loi, may ipinakiusap nga pala ito sa kanya habang narito siya sa resort—ang mag-babysit sa stepson nito. Alam kasi nitong multi-tasking diva rin siya kaya madali lang sa kanya ang magbakasyon habang ginagawan ito ng pabor.

Pero siguro hindi nito mamasamain kung hindi niya muna iyon sisimulan. Sasamantalain niya ang magandang araw at mamayang hapon na aalamin kung sino ang ‘aalagaan’ niya.

Nagkalkal siya sa loob ng bag at nang lumabas ng silid ay bitbit na ang *iPod* niyang made in China. Dahil madilim-dilim pa, minabuti niyang manatili muna sa porch.

Kung hindi sa katabi niyang silid, closest to the beach na sana ang room niya. Pero puwede na rin kasi magkasalo naman sila sa terrace ng kung sinumang umookupa niyon.

May kalamigan ang hangin at tumatagos ang lamig sa ipinatong niyang manipis na shawl na binili niya nang hulugan sa isang kapitbahay. Hihintayin niyang lumiwanag bago lumabas.

Naglatag si Angel ng malinis na basahan sa kahoy na sahig ng porch at doon naupo. Medyo nakatagilid siya dahil isinandal niya ang likod sa haligi sa sulok ng porch. Ipinasak niya sa mga tainga ang earphones at namili ng relaxing na kanta.

Sumobra yatang relaxing ang tugtog, hindi niya napansin

Beachside Kundiman - Zoe De Jesus

ang pamimigat ng mga mata dahil sa kakulangan sa tulog...